# الإيمان بالقدر العباد باللغة الفلبينية

# ANG PANINIWALA SA QADAR (TADHANA)

Sumailalim sa pamamahala ni:
Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah

MahadSunnah

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Ang Iman o Pananampalataya ng isang Muslim ay may mga haligi, na ito ay hindi katanggap-tanggap kung hindi ito paniniwalaan ng buo, at isa dito ang paniniwala sa Qadar o tinatawag na tadhana.

Ang Qadar ay ang itinakda ng Allah ﷻ na lahat ng mangyayari sa buong daigdig, ito ay nasa kaalaman na at dahilan na si Allah ﷻ lamang ang lubos na nakakabatid, at ito ay may apat na antas:

Una: Ang kaalaman ni Allah ﷻ, samakatuwid, walang maaaring maganap sa tadhana kundi ito ay sakop na ng kaalaman ng Allah ﷻ, Kanyang nababatid lahat ng detalye, sa ano ang ganap at sa ano ang mangyayari, hindi sa ito ay malalaman lamang ni Allah ﷻ pagtapos nito mangyari, sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: "Tunay na batid ni Allah ﷻ ang lahat ng bagay".

Pangalawang antas ng Qadar ay: Ang Kasulatan; na lahat ng mangyayari sa nilikha ni Allah ﷻ hanggang sa Araw ng Paghuhukom ay nakasulat sa Lawhil Mahfudh (Iningatang Talaan).

Sinabi ni Allah ﷻ sa Qur'an: "At ang lahat ng bagay ay Aming itinala sa malinaw na Aklat".

At sa Hadith ng Propeta Muhammad ﷺ: "Ang unang nilikha ni Allah ﷻ ay ang panulat, at Kanyang inutos dito na isulat lahat ng mangyayari sa buong daigdig hanggang sa katapusan".

Pangatlong antas ng Qadar ay paniniwala na ito ay nasa kagustuhan at kapahintulutan; tayo ay maniniwala na ang tadhana ay nasa kagustuhan at kapahintulutan ng Allah ﷻ, ano man ang kanyang nais ito ay kanyang papahintulutan, at ano man ang hindi niya nais, ito ay hindi mangyayari.

Pang-apat na antas ng Qadar ay paniniwala sa paglikha ng Allah ﷻ; tayo ay maniniwala na si Allah ﷻ ang naglikha sa lahat, naglikha sa kanilang paggalaw at paghinto. Sinabi ni Allah ﷻ: "Allah ang tanging tagapaglikha ng lahat, at siya ang tagapangasiwa sa lahat".

Sinuman ang maniwala sa Qadar o nakatakda, siya ay magtitiwala sa Allah ﷻ, dahil lahat ng ito ay nagmula sa Allah ﷻ, at lahat ito ay mabuti. At sinuman ang naniniwala sa Qadar, mga dahilan ay kanyang gagawin dahil ito ay mula sa Qadar, ang pagkalimot sa mga dahilan ay kakulangan sa pag-iisip, at buong pagtitiwala dito ay kakulangan sa Tawheed.

Sinuman ang maniwala sa Qadar, kanyang puso ay mapapanatag sa panahon ng pagsubok; dahil sa kaalaman niya na ito ay nakatakda.

Sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: "Walang pagsubok na darating sa lupa, at maging sa inyong mga sarili, maliban na ito ay naitala na bago pa namin ito pahintulutan mangyari, at ito ay madali para sa Allah, upang kayo ay hindi malungkot sa mga nakaligtaan ninyo, at hindi kayo magmalaki sa kung anuman ang inyong nakamit, tunay na si Allah ﷻ ay hindi minanamahal ang mga taong nagmamagaling at mapagmalaki".

والله تعالى أعلم...